

Ipinatupad ng Pamahalaan ang pamamaraan ng suspensyon ng paglipad sa mga tinukoy na lugar

Ipinahayag ng Pamahalaan ngayong araw (ika-18 ng Abril) ang pagpapatupad sa pamamaraan ng suspensyon ng paglipad sa mga tinukoy na lugar para sa India, Pakistan, at Pilipinas. Mula 00:00 ng ika-20 ng Abril, lahat ng mga pampasaherong paglipad mula sa mga lugar na ito ay mababawalang lumapag sa Hong Kong sa loob ng 14 na araw. Ang mga lugar na ito ay itinutukoy bilang labis na mapanganib na Pangkat A tinukoy na mga lugar sa ilalim ng Regulasyon sa Pag-iingat at Pagkontrol ng Sakit (Regulasyon ng Cross-border na Mga Paghahatid at Manlalakbay) (Prevention and Control of Disease Regulation) (Regulation of Cross-boundary Conveyances and Travellers) (Cap. 599H), upang mapigilan ang mga taong nanatili sa mga lugar na ito sa pagsakay patungo sa Hong Kong . Ang suspensyon ay magiging epektibo sa loob ng 14 na araw.

Ipinatupad ng Pamahalaan noong ika-14 ng Abril ang mas mahigpit na pamamaraan ng suspensyon sa paglipad, pati na rin ang bagong pamamaraan ng suspensyon ng paglipad sa mga tinukoy na lugar na kahanay. Sa ilalim ng pamamaraan ng suspensyon sa mga natukoy na lugar, kung ang kabuuang bilang ng mga pasahero ay lima o higit pa sa lahat ng mga lipad mula sa parehong lugar, anuman ang airline, ay nakumpirma ng mga pagsusuri sa COVID-19 para sa mga dumating na may N501Y mutant strain sa loob ng pitong araw, pananawagan ng Pamahalaan ang Cap. 599H upang pagbawalan ang lahat ng mga pampasaherong lipad mula sa natukoy na lugar sa paglapag sa Hong Kong sa loob ng 14 na araw, at sabay na tutukuyin ang lugar na iyon bilang isang lubos na mapanganib na lugar sa ilalim ng Cap. 599H upang paghigpitan ang mga taong nanatili sa lugar na iyon ng higit sa dalawang oras mula sa pagsakay sa mga pampasaherong lipad patungong Hong Kong sa loob ng 14 na araw, upang maiwasan ang mga tao mula sa nauugnay na lugar na makarating sa Hong Kong sa pamamagitan ng pag-transit.

Sinabi ng tagapagsalita ng Pamahalaan, "Sa mga nakumpirmang kaso na kinasasangkutan ng N501Y mutant strain na nakita sa kauna-unahang pagkakataon sa pamayanan sa Hong Kong, alang-alang sa kabutihan, inilapat ng Pamahalaan ang mga pamantayan ng bagong ipinatupad na pamamaraan ng suspensyon sa paglipad na tukoy sa mga lugar sa loob ng 14 na araw sa mga lugar na kung saan may mga kasong na-import na nakumpirma ng mga pagsusuri para sa mga dumating na nagdala ng N501Y mutant strain. Ang lahat sa India, Pakistan, at Pilipinas ay may pitong araw na pinagsama-samang bilang ng mga nauugnay na kaso na naabot ang naturang pamantayan sa nakaraang 14 na araw, at samakatuwid ay pananawagan ng Pamahalaan ang pamamaraan ng suspensyon ng paglipad sa mga tinukoy na lugar para sa tatlong lugar na ito."

Ang pamamaraan sa suspensyon na tukoy sa lugar para sa tatlong lugar na ito ay magiging epektibo sa loob ng 14 na araw mula hatinggabi ng ika-20 ng Abril. Isasama sa mga nauugnay na paghigpitan ang pagbabawal ng mga pampasaherong lipad mula sa mga lugar na ito sa paglapag sa Hong Kong, pati na rin ang pagtukoy sa tatlong lugar na ito bilang mga natukoy na lugar ng Pangkat A sa ilalim ng Cap. 599H upang paghigpitan ang sinumang nanatili sa mga lugar na ito nang higit sa dalawang oras mula sa araw ng pagsakay o 21 araw bago ang araw mula sa pagsakay patungong Hong Kong.

Kasabay nito, upang mapabuti ang pagsusuri ng mga taong bumalik sa Hong Kong mula sa mga lugar sa ibang bansa, maglalabas ang Pamahalaan ng isang pabatid ng sapilitang pagsusuri para sa mga taong bumalik sa Hong Kong mula sa lubos na mapanganib na mga lugar na tinukoy sa ilalim ng Cap. 599H (iyon ang kasalukuyang mga natukoy na lugar ng Pangkat A). Matapos makumpleto ang sapilitang kuwarantenas sa loob ng 21 araw pati na rin ang pagsusuri sa ika-12 at ika-19 araw habang nasa kuwarantenas, ang mga taong bumabalik sa Hong Kong ay kailangan ding subaybayan ang sarili

sa loob ng karagdagang pitong araw, at mapailalim sa pagsusuri ng nucleic acid sa ika-26 araw ng kanilang pagbabalik sa Hong Kong.

“Itutuloy ng Pamahalaan ang mahigpit na pagsubaybay sa mga pagbabago sa pangdaigdigan at lokal na sitwasyon ng epidemya, at higit pang babaguhin ang mga nauugnay na hakbang sa pag-iwas at pagkontrol ng mga dumarating kung kinakailangan,” sinabi ng tagapagsalita ng Pamahalaan.

Matatapos/Linggo, ika-18 ng Abril 2021
Inilabas sa HKT 23:59

(Tagalog)